Pakikipagtulungan ng mga Magulang

Isang Parent Engagement Policy (Patakaran sa Pakikilahok ng Magulang) para sa mga Paaralan sa Ontario

Ang mga magulang ay mahalagang kaakibat sa edukasyon. Naiimpluwensiyahan nila ang mga pag-uugali ng kanilang anak tungkol sa pag-aaral, at sumusuporta sa pag-aaral sa bahay. Sila ay isang mahalagang koneksyon sa pagitan ng bahay at paaralan. At kapag sila ay nagiging kabilang sa buhay ng paaralan, nagiging mas mabuting lugar ang ating mga paaralan upang mag-aral, lumago at umunlad. Kinikilala ng bagong parent engagement policy (patakaran sa pakikilahok ng magulang) ng Ontario ang pagtaas ng nakakamit ng mag-aaral at tagumpay kapag ang mga magulang ay tinatanggap at ginagalang bilang mga kaakibat, at nabibigyan ng suportang kanilang kailangan upang makatulong sa bahay at sa paaralan.

Paano binibigyang turing ng patakaran ang parent engagement (pakikilahok ng magulang)?

Kinikilala ng parent engagement policy (pakikilahok ng magulang) ng Ontario ang maraming iba't-ibang uri ng parent engagement (pakikilahok ng magulang), at na ang bawat isa ay mahalagang tulong sa tagumpay ng mag-aaral at paaralan. Sa loob ng patakaran, kabilang sa parent engagement (pakikilahok ng magulang) ang:

- Pagbibigay ng positibong kapaligiran sa pag-aaral sa bahay, aktibong nagtratrabaho kasama ang mga bata upang suportahan kung ano ang natutunan nila sa paaralan, at pagturing sa pag-aaral bilang mahalagang bahagi ng araw
- Pagkakaroon ng kapaki-pakinabang na mga pag-uusap kasama ang mga guro upang magkaroon ng malinaw na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at ng bahay
- Pagiging kabilang sa mga gawain sa paaralan at pagboboluntaryo sa pagtulong sa mga kaganapan sa paaralan, mga biyahe at iba pang mga gawain
- Pakikilahok sa School Councils (Mga Lupon ng Paaralan) sa antas ng paaralan at Parent Involvement Committees (Mga Komite ng Pakikisali ng Magulang) sa antas ng konseho ng paaralan, upang magbigay ng perspektibo.

PANGITAIN

Sa sistema ng edukasyon sa Ontario, ang lahat ng mga kaakibat ay kumikilala sa positibong dulot ng parent engagement (pakikilahok ng magulang) sa nakakamit ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay suportado at inspiradong matuto sa isang kultura ng mataas na inaasahan kung saan ang mga magulang:

- ay tanggap, ginagalang at pinapahalagahan ng komunidad ng paaralan bilang mga kaakibat sa pag-aaral at paglaki ng kanilang mga anak;
- mayroong mga pagkakataon na makisali, at pati na rin ang pagkakaroon ng buong hanay ng pagpipilian kung paano makikisali, sa pang-edukasyon na komunidad upang suportahan ang tagumpay ng magaaral;
- ay kalahok sa pamamagitan ng patuloy na komunikasyon at dayalogo kasama ang iba pang mga kaakibat na pang-edukasyon upang suportahan ang isang positibong kapaligiran sa pag-aaral sa bahay at sa paaralan;
- ay suportado ng impormasyon at mga kagamitan na kinakailangan upang makasali sa buhay paaralan.

Tagalog

Paano masusuportahan at madaragdagan ng patakaran ang parent engagement (pakikilahok ng magulang)?

Kinikilala ng patakaran ng parent engagement (pakikilahok ng magulang) ang apat na mahalagang estratehiya na dinisenyo upang suportahan ang mga magulang bilang mga kaakibat para magkaroon sila ng pagkakataon, mga kakayahan at mga kagamitan upang makipagtulungan sa mga kaakibat sa edukasyon at lubos na makatulong sa tagumpay ng mga mag-aaral sa Ontario at sistema ng edukasyon

Estratehiya 1:
Klima sa Paaralan – Pagyamanin at panatilihin ang isang positibo, kaaya-ayang klima sa paaralan kung saan ang lahat ng mga perspektibo ng magulang ay hinihimok, pinapahalagahan at pinapakinggan.

Estratehiya 2:
Pag-alis sa mga Sagabal – Kilalanin at tanggalin ang mga sagabal sa parent engagement (pakikilahok ng magulang) na maaring pumigil sa ibang mga magulang sa lubos na pakikisali sa pag-aaral ng kanilang mga anak at upang maipakita ang pagkakaiba-iba ng ating mga mag-aaral at mga komunidad.

Estratehiya 3:
Mga Suporta para sa mga Magulang – Bigyan ang mga magulang ng kaalaman, kasanayan at kagamitan na kanilang kailangan upang masuportahan ang pag-aaral ng mag-aaral sa bahay at sa paaralan.

Estratehiya 4:
Pag-abot sa Magulang – Balik-aralin at palawakin ang komunikasyon at mga estratehiya sa pag-abot tulad ng mga lokal na worksyaps, mga pagtatanghal, mga kagamitan at mga mapagkukunan, upang makapagbahagi ng impormasyon at mga estratehiya na may kinalaman sa pagsuporta sa pag-aaral sa bahay at parent engagement (pakikilahok ng magulang) sa mga paaralan.

Paano mararating ang mga layunin ng patakaran?

Kinikilala ng patakaran ang tiyak na mga aksyon na isasagawa sa panlalawigan, pampurok at lokal na antas ng Ministry of Education (Ministro ng Edukasyon), mga Paaralan, at mga Konseho ng Distrito ng Paaralan (District School Boards).

Paano nakikinabang ang mga mag-aaral at mga magulang sa parent engagement (pakikilahok ng magulang)?

Sinasabi ng saliksik sa parent engagement (pakikilahok ng magulang) na mayroong direktang koneksyon sa pagitan ng parent engagement (pakikilahok ng magulang) at:

- Pinabuting nakakamit sa akademiko
- Higit pang positibong mga pag-uugali tungkol sa paaralan
- Higit pang tagumpay sa takdang-aralin
- Mas mataas na bilang ng nagtapos ng sekondarya
- Mas kasang-ayon na pagpasok sa paaralan
- Mas kaunting suliranin sa pag-uugali
- Mas maliwanag na kinabukasan para sa mga mag-aaral sa paaralan at kinamamayaan sa buhay.

Paano nakikinabang ang mga guro?

Ang mga guro na aktibong nakiki-akibat sa mga magulang ay nasisiyahan sa mas maayos na relasyon sa magulang, at isang malawak na hanay ng mga benepisyo:

- Mas nagbibigay ng suporta ang mga magulang dahil naiintindihan nila kung ano ang nangyayari sa silid-aralan
- Tumutulong ang mga magulang sa paninigurado na ang araling-bahay at takdang-aralin ay natatapos
- Ang mga magulang ay nakikibahagi sa responsibilidad para sa tagumpay ng mag-aaral at nakikipagtulungan sa guro
- Ang mga magulang ay mayroong mas positibong pananaw ng mg guro at ng paaralan
- Ang pagdalo ng mag-aaral sa klase at pag-uugali ay napapabuti
- Ang nakakamit ng mag-aaral ay napapabuti
- Ang mga guro ay mayroong mas matibay na koneksyon sa mga magulang, nakakaramdam ng suporta ng mga magulang at mayroong mas mataas na kasiyahan sa kanilang trabaho.

Paano nakikinabang ang mga paaralan?

Ang mga paaralan ay konektado sa mga komunidad na nakapalibot sa kanila. Sama-sama, mga magulang, mga miyembro ng komunidad at mga paaralan ay nakakalikha ng makapangyarihang samahan ng taga-suporta upang magbigay sa mga bata at kabataan ng mga serbisyo na kanilang kailangan, gumawa ng makabagong mga programa na pampaaralan at pang-komunidad, at pagyamanin ang buhay ng paaralan. Bilang resulta:

- Ang mga pamilya at mga organisasyon sa komunidad ay mas lubos na sumusuporta sa paaralan
- Ang nakakamit ng buong paaralan at indibidwal na mag-aaral ay madalas na napapabuti
- Ang mga paaralan ay konektado sa mga negosyo, mga ahensya, at mga serbisyo sa komunidad
- Nakakamit ng mga paaralan ang mas lalong malaking pagkilala para sa kanilang mga nakamit at sa mahalagang papel na kanilang gingampanan bilang importanteng bahagi ng buhay komunidad.

Paano nakikinabang ang sistema ng edukasyon?

Ang Ministry of Education (Ministro ng Edukasyon), Mga Konseho ng Distrito ng Paaralan at mga paaralan ay nakikinabang hindi lamang mula sa mahalagang trabaho na ginagawa ng mga magulang, ngunit pati na rin sa paninigurado na ang mga perspektibo ng magulang ay naririnig at isinasang-alang sa pagbuo ng mga patakaran at mga programa sa panlalawigan, pampurok at lokal na antas.

Lahat tayo ay nakikinabang?

Sama-sama, tayo ay naglilikha ng mga posibilidad para sa ating mga anak at binabago ang mga posibilidad na ito na maging katotohanan.

Para sa karagdagang kaalaman: bisitahin ang www.ontario.ca/EDUparents

© Queen's Printer for Ontario, 2010 ISBN 978-1-4435-4763-5 (Print) 978-1-4435-4764-2 (PDF)